A INIHAHANDA NG BANAL NA ESPIRITU ANG SAKSI

- ❖ Bago ang Kanyang pag-akyat, nangako si Jesus na isang Mang-aaliw (parakletos) ang darating: Ang Banal na Espiritu. Tutulungan Niya tayong gawin ang misyong inatas sa atin ni Jesus.
- ❖ Ano ang ginagawa ng Banal na Espiritu? Lumalakad Siya kasama natin, Hinahanda Niya tayong magsaksi, Pinangungunahan Niya tayo sa ating gawain, Binubuksan Niya ang mga puso sa Ebanghelyo, Binibigay Niya sa atin ang tamang salita, Kinukumbinsi Niya ang mga tao, Hinihimok Niya tayong magsaksi, Ipinapakita Niya sa atin ang tamang pagkakataon, Ipinapahayag Niya si Jesus, Binabago Niya tayo tungo sa Kanyang larawan.
- ❖ Ang pagsaksi ay pakikipagtulungan sa Banal na Espiritu.

B ANG BANAL NA ESPIRITU ANG NAGPAPALAGO

- ❖ Ang aklat ng Mga Gawa ay nagsasabi ng tungkol sa gawa ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng mga nagpapagamit sa Kanya.
- ❖ Sa isang okasyon, merong maraming nahikaya, gaya ng 3,000 o 5,000 tao (Gawa 2:41; 4:4). Minsan buong pamilya ang nahihikayat (10:44-48).
- ❖ Mga bagong iglesia ang naitatayo dahil sa paglagong ito (16:5).
- ❖ Pinupuno ng Espiritu ng kapangyarihan ang mga mensahero at hinihipo ang bawat puso na nakarinig ng Ebanghelyo.
- ❖ Bawat tao ay mahalaga sa Dios. Namatay Siya para sa bawat isa. Nais Niyang makilala at tanggapin Siya ng lahat. Pinili Niya tayo upang gawin ang gawaing iyon.

C ANG BANAL NA ESPIRITU AY NAGPAPALAKAS AT GUMAGABAY

- ❖ Ang pangangaral ng Ebanghelyo ay gawaing hindi ligtas sa suliranin. Gayunman, pinatitibay ng Espiritu ang Kanyang mga lingkod gaya ng ginawa Niya kay Esteban, Pablo at Silas (Gawa 7:55; 16:25).
- ❖ Nais ng Banal na Espiritung bigyan tayo ng kapangyarihan, palakasin tayo, turuan tayo, gabayan tayo, pagkaisahin tayo, at suguin tayo sa pinakamahalagang mission sa mundo, na ito ang pag-akay sa mga tao patungo kay Jesus at sa Kanyang katotohanan.

D ANG BANAL NA ESPIRITU ANG NAGBIBIGAY NG SALITA

- ❖ Hinihimok tayo ng Espiritu na ibase natin ang ating patotoo sa Salita ng Dios.
- ❖ Ang Salita ng Dios ay may kapangyarihang magbago ng mga buhay dahil kinasihan ng Banal na Espiritu ang mga akda nito. Siya ring Banal na Espiritu na himihipo sa puso ng bawat tapat na mambabasa ngayon.

E ANG BANAL NA ESPIRITU ANG NAGBABAGO

- ❖ Ginagamit ng Banal na Espiritu ang mga tao kung ano sila. Tinatanggal Niya ang mga hindi magandang palagay, binabago ang kanilang masamang ugali, at pinupuno sila ng biyaya ni Kristo at katotohanan.
- ❖ Hindi niya tinatangi ang lalaki o bababe, mayaman o mahirap, edukado o hindi.
- ❖ Siya ay kasing lakas ngayon gaya ng dati. Gumagawa parin Siya ng himala sa pamamagitan ng pagbago sa lahat ng uri ng tao.
- ❖ Ang ating gawain ay hind upang magbago o mahikayat ng mga tao, iyan ay sa Banal na Espiritu. Tinawagan tayo upang maging mga saksi.